

# PAGLILINIS AT PAG-DISINFECT PAGKATAPOS NG MONKEYPOX



Sa panahong nakakahawa ito, maaaring manatili sa mga linen, damit, at surface ang mga likido ng katawan at virus na mula sa sugat ng taong may monkeypox. Mahalagang linisan at i-disinfect ang mga lugar kung saan nanatili ang taong may monkeypox upang mabawasan ang panganib ng pagkahawa sa monkeypox.

Gumamit ng disinfectant na nakarehistro sa Ahensya sa Pagprotekta ng Kapaligiran (Environmental Protection Agency, EPA) ng United States at magsuot ng wastong personal na pamprotektang kagamitan (personal protective equipment, PPE) (mask, mga guwantes, o gown) kapag naglilinis.

## MAGLINIS AT MAG-DISINFECT NG BAHAY NANG AYON SA PAGKAKASUNOD-SUNOD SA IBABA:

1

### KOLEKTAHIN AT ILAGAY SA LAGAYAN ANG BASURA

Ilagay ang soiled waste, na gaya ng mga benda, paper towel, packaging ng pagkain, at iba pang karaniwang basura, sa isang selyadong bag.



2

### PAGLALABA

- Ipunin ang mga kontaminadong damit at linen BAGO linisin ang anupamang bagay sa kuwarto.
- Huwag ipagpag ang mga linen dahil maaari nitong maipakalat ang mga nakahahawang particle.
- Labhan ang mga ito gamit ang detergent.



Para sa mga update, i-text ang COSD MONKEYPOX sa 468-311. Para sa mga resource, bumisita sa:

[SanDiegoCounty.gov/monkeypox](https://SanDiegoCounty.gov/monkeypox)



### 3

## LINISAN ANG MATITIGAS NA SURFACE AT GAMIT SA BAHAY

- Kabilang dito ang mga mesa, countertop, hawakan ng pinto, hawakan ng toilet flush, gripo, switch ng ilaw, sahig, loob ng refrigerator, freezer, iba pang appliance, loob na espasyo ng cabinet, o drawer.
- Hugasan ang maduduming plato at kubyertos sa dishwasher gamit ang detergent at mainit na tubig o nang mano-mano gamit ang mainit na tubig at dish soap.

### 4

## LINISAN ANG MUWEBLES AT IBA PANG SOFT FURNISHING

- Kabilang dito ang upholstered na muwebles, mga carpet, rug, at kutson. Sa ilang sitwasyon, maaaring isaalang-alang ang steam cleaning.
- Kung may minimal na kontak ang taong may monkeypox, i-disinfect ang surface gamit ang disinfectant na naakma sa surface.

### 5

## MAG-VACUUM, MAGWALIS, AT MAGLAMPASO SA CARPET AT SAHIG

- Mas mainam ang mga wet cleaning na pamamaraan gaya ng mga disinfectant wipe, spray, at paglalampaso.
- Puwede ang pag-vacuum gamit ang isang vacuum na may napakahusay na air filter. Kung hindi available ang air filter, tiyaking nakasuot ang taong nagvacuum ng mask o respirator na maayos ang pagkakalapat.
- Iwasan ang pagtatanggal ng alikabok o pagwawalis nang tuyo, dahil maaari nitong maipakalat ang mga nakahahawang particle.

### 6

## ITAPON ANG BASURA

- Dapat gumamit ang taong may monkeypox ng nakalaang hanay ng basurahan sa kuwarto kung saan siya nakabukod.
- Dapat ilagay sa selyadong plastic bag ang anumang guwantes, benda, o iba pang basura at disposable na bagay na direktang nadikit sa balat, at pagkatapos ay itapon ito sa nakalaang basurahan.
- Dapat gumamit ng mga guwantes ang taong may monkeypox o ang iba pang miyembro ng sambahayan kapag nag-aalis ng mga pinaglagyan ng basura at humahawak at nagtatapon ng basura.



Para sa mga update, i-text ang COSD MONKEYPOX sa 468-311. Para sa mga resource, bumisita sa:

[SanDiegoCounty.gov/monkeypox](https://SanDiegoCounty.gov/monkeypox)

